
1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2:

## Pagtatanong Tungkol sa IsangLarawan



CO_Q2_Filipino 1_ Module 2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 2: Pagtatanong Tungkol sa Isang Larawan**
**Kompetensi: Nakapagtatanong tungkol sa isang larawan.**
**Competency Code: F1PS-IIa-2**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Manunulat | : | Irene P. Bucahan | |
| Editor | : | Fe G. Buccahan, Felimendo M. Felipe | |
| Tagasuri | : | Ronald T. Bergado, AFKimmayong | |
| Tagaguhit | : | Rhiza D. Manzano | |
| Tagalapat | : | Rozen D. Bernales | |
| | | Jerson Rod A. Acosta | |
| Tagapamahala: | | Benjamin D. Paragas | Romel B. Costales |
| | | Jessie L. Amin | Jorge G. Saddul, Sr. |
| | | Octavio V. Cabasag | Felimendo M. Felipe |
| | | Rizalino G. Caronan | Fe G. Buccahan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region 02**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 2:
## Pagtatanong Tungkol sa Isang Larawan

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayangitinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin.Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawasa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

**Lesson 1**

# Pagtatanong Tungkol sa Isang Larawan



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay isinulat para sa mga mag- aaral sa unang baitang. Nagkakaroon ng interes ang mga bata sa pagbasa ng aklat kung maraming larawanna kanilang nakikita. Nakakatulong ito upang magkaroonng ideya ang mga bata tungkol sa pagtatanong sa mga larawan. Natututuhan din at napag-aaralan ang mga salitang gagamitin sa pagtatanong.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagtatanong tungkol sa isang larawan Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaw

ay inaasahang:

- Makapagtatanong tungkol sa isang larawan.
- Nagagamit ang mga salitang sino, saan, kailan,ilan, paano sa pagtatanong

## *Subukin*

## Gawain ng magulang/guro

***Sabihin**

Gawin natin ang bahaging ito. Babasahin ko sa iyo ang mga tanong sa bawat bilang. Alamin kung aling larawan ang angkop dito.

## Gawain ng mag-aaral

* Sagutin ang gawain

**Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.**


1. Sino ang nagdidilig ng halaman?

A.



2. Kailan ang kaarawan ni Josefa?

B.



3. Saan papunta ang pamilya ni Sara?

C.



4. Ilan ang itlog ng ibon?

D.



5. Paano mo aalagaan ang mgamanok?

E.



## *Balikan*

**Gawain ng magulang/guro**

- Sabihin

  Tingnan ang larawan. Maaari mo akongtanungin tungkol dito.

  Isulat ang iyong tanong sa ibaba ng larawan

  **(Sa batang hindi pa marunong magbasa at sumulat maaring tanungin siya ng kaniyang sagot.)**



______________________________________________________________

______________________________________________________________

**Mga Tala para sa Guro**

Ang modyul na ito ay tumutugon sa aralin tungkolsa pagtatanong tungkol sa isang larawan. Ang mga gawain na naiatang para sa bata ay maaring maging gabay ng guro sa pagbibigay ng mga karagdagang gawain upang mahubog ang bata sa pagtatanong tungkol sa isang larawan.

## *Tuklasin*

### Gawain ng magulang/guro

- Maghanda ng mga sumusunod na larawan:
  **batang nagdiriwang ng kaarawan** at **Luneta Park**
- Ipakita sa bata ang bawat larawan at sabihin sakaniya ang mga sumusunod:
  1. Ito ang larawan ni Pepe. Siya ay nagdiwang ngkaniyang ika -anim na taong gulang noong Oktubre 2020.
     Narito ang aking mga tanong tungkol sa larawan.
     -Sino ang nasa larawan?
     -Kailan ang kaarawan ni Pepe?
     -Ilang taong gulang na si Pepe?

2. Ito naman ang larawan ng Luneta Park. Ito ay matatagpuan sa Lungsod ng Maynila. Dito nakatayo ang bantayog ni Jose Rizal. Sa Luneta pinatay si Rizal sa pamamagitan ng pagbaril. Narito ang aking mga tanong tungkol sa larawang ito.
   -Saan matatagpuan ang Luneta Park?
   -Sino ang pinatay sa Luneta?
   -Paano pinatay si Jose Rizal

## Gawain ng mag-aaral

- Makinig sa magulang o guro habang iminumodelo niya ang aralin.

## Gawain ng magulang/guro


- Ipakita ang larawan ng Mahiwagang Kaldero atbasahin ang kuwento para sa bata.

## Gawain ng mag-aaral

- Makinig sa magulang o guro habang binabasa ang kuwento.

.

## Ang Mahiwagang Kaldero



Isinulat ni: Irene B.

Iginuhit ni: Rhiza M.

Sabado ng umaga, pumunta si Nanay sa palengke. Bumili siya ng isang maliit na kaldero. Araw-araw niyang ginagamit ito sa pagluluto ng ulam at iba pang pagkain. Habang nagluluto, para itong ngumingiti at sumasayaw lalo na kapag kumukulo na ang nilulutong pagkain. Masarap din ang lasa ng pagkain kapag ginamit ito ni Nanay sa pagluluto.

- Gabayan ang mga bata sa pagbuo ng mga posibleng tanong kagaya ng:

1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino ang bumili ng kaldero?
3. Kailan pumunta si Nanay sa palengke?
4. Ilan ang binili ni Nanay na kaldero?
5. Paano niluluto ng kaldero ang mga pagkain?

## Suriin

### Gawain ng magulang/guro

- Tulungan ang batang basahin ang talaan. Ipaliwanag sa kaniya kung paano sagutin anghinihiling ng bawat kolum.

Basahin ang mga tanong na nakasulat sa unang kolum. Isulat ang tamang sagot na hinihiling sa ikalawa, ikatlo, atikaapat na kolum. Gawin ito sa sagutang papel.

| Tanong | Ano ang unang salita sa tanong? | sagot | Uri ng sagot |
|---|---|---|---|
| 1. Ano ang pamagat ng kuwento? | Hal. Ano | Mahiwagang Kaldero | bagay |
| 2. Sino ang bumili ng kaldero? | | | |
| 3. Kailan pumunta si Nanay sa palengke? | | | |
| 4. Ilan ang binilini Nanay na kaldero? | | | |
| 5. Paano nilulutong kaldero ang mga pagkain? | | | |

## *Pagyamanin*

**Gawain 1.** Narito ang isang larawan. Subukin mong gumawa ng tanong tungkol dito.



**Gawain 2.** Sumulat o bumuo ng tanong tungkol sa mgalarawan na nasa ibaba. Sundan ang naibigay na pormat.

## Gawain ng Magulang/Guro

- Ipaliwanag sa bata ang Gawain 2. Kapag hindi pakayang isulat ng bata ang mga tanong, maari niyang sagutin ang mga ito ng pasalita.

**Halimbawa:** Sino ang nag-aalaga sa bata?

1. Sino ang______________________?
2. Ilan ang_______________________?
3. Saan_________________________?
4. Kailan________________________?
5. Paano_________________________?





## Isaisip

Gumagamit tayo ng mga salita para sa panimula ng ating mga tanong gaya ng:

**Sino** – ginagamit ito kung nais magtanong tungkol satao.

**Saan** – ginagamit ito kung nais malaman ang isanglugar.

**Kailan** – ginagamit ito kung nais malaman ang oras ngisang pangyayari

**Ilan** – ginagamit itokung nais malaman ang bilangng ng tao, bagay o hayop.

**Paano** – ginagamit ito kung nais magtanong tungkol saparaan ng paggawa ng isang bagay, kilos o pangyayari.

## Isagawa

### Gawain ng Magulang/Guro

- Ipaliwanag sa bata kung paano gawin ang bahaging ito. Maari pa ring magbigay ng tanong ang mga bata sa paraang pasalita kapag hindi pa niya kayang isulat ang kaniyang sagot.

## Gawain ng mag-aaral

- Sagutin ang Gawain sa pamamagitan ng pasulat opasalita.

Pag-aralan ang larawan at sumulat/bumuo ng limangtanong tungkol dito. Gamitin ang mga salitang **Sino**, **Saan**, **Kailan**, **Ilan**, o **Paano** sa pagtatanong.



Sabado ng umaga, nagpunta sina Nita at Nilo sa bukid upang tulungan ang kanilang ina sa pamimitas ng mga gulay. Masayang-masaya sila dahil malalaki na angtanim nilang sitaw, kamatis at talong. Maingat nilang pinipitas ang mga gulay upang hindi ito masira at manatiling sariwa.


## Tayahin

### Gawain ng Magulang/Guro

- Ipaliwanag sa bata kung paano sagutin angbahaging ito. Maari pa ring sagutin ito sa pamamagitan ng pasulat o pasalita.

### Gawain ng mag-aaral

- Sumulat o bumuo ng limang tanong tungkol sa larawang ito. Gamitin ang mga salitang: **Saan**, **Sino**,**Kailan**, **Ilan**, at **Paano**.



## Karagdagang Gawain

Sumulat o bumuo ng limang tanong tungkol sa mga nakikita sa paligid.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. E
2. D
3. A
4. B
5. C

**Tuklasin**

1. Ang mahiwagang kaldero
2. Nanay
3. Sabado
4. Isa
5. Ngumingiti at sumasayaw

**Suriin**

1. Ano, mahiwagang kaldero, bagay
2. Sino, nanay ,tao
3. Kailan ,Sabado lugar
4. Ilan, isa ,bilang
5. Paano, bagay

## *Sanggunian*

2016 DepEd K to 12 Curriculum Guide

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph